# Joy B pinasalamatan ang city council

Pinasalamatan ni incoming QC Mayor Joy Belmonte ang mga konsehal na bumubuo sa 20th City Council dahil sa masigasig na pagtutulungan upang makapagpasa ng mga batas na magbibigay ng tulong at pag-angat sa buhay ng mga taga lunsod.

Sa inihayag ni Belmonte, sa kanyang Ulat sa Bayan na sa mga naipasang batas ng konseho ay pawang may malaking naiambag para sa kabutihan ng mga lungsod partikular ang batas sa health and sanitation, housing, education, kampanya laban sa illegal drugs at infrastructure.

Tiniyak din ni Belmonte na sa ilalim ng kanyang administrasyon ay kasama ang lahat sa pag-unlad ng QC at ito ay mararamdaman ng bawat mamamayan ng lungsod.

"Nagpapasalamat ako sa inyong lahat na naging pamilya ko ng tatlong taon at ang iba ay anim na taon", wika ni Belmonte .

Binati rin nito ang mga bagong konsehal na kasama na sa susunod na council na magpapayabong pa ng mga batas ng lungsod.- ***Angie dela Cruz-***